4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kwarter 4: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Melvin C. Ubaldo (Pedro Guevarra Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University –Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, Karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa Karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Naipapaliwanag ang mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino.<br>2. Naipapakita ang paggalang at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino. |
| **D. Nilalaman** | Mga Sagisag ng Pagkakakilanlang Pilipino |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals 4 (SDGs) Quality Education for All<br>Convention on the Rights of the Child (CRC)<br>Pagkamamamayan at pagkakakilanlan<br>Lokalisasyon at Kontekstuwalisasyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Adriano et al., (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council
Belarde et al., (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling
Education, DepEd Complex, Pasig City.
Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.
Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program: Araling Panlipunan Grades 4 and 7. (2023) Department of
Panlipunan. Rex Book Store.
Secretariat (DepEd-IMCS).

## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

**MGA TALA SA GURO**

### A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**

***Picture, Picture!***

**Panuto:** Suriin ang mga larawan at sabihin kung anong paglilingkod ng pamahalaan ang ipinapakita.







Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang ipinakikita sa mga larawan na may kaugnay sa ating paksa?
2. Bakit pinaglalaanan ng badyet ng pamahalaan ang mga nasabing serbisyo publiko?
3. Anu-ano ang mga pangunahing serbisyo publiko ang dapat paglaanan ng pinakamalaking badyet ng pamahalaan?

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



*Mga Tala sa Guro:*

Maaaring magpakita rin ng infographic o kaya naman ay graph na nagpapakita kung paano ginugugol ng pamahalaan ang badyet sa pangkalahatang serbisyo publiko.

Maaaring mag-print ang guro ng dalawang *emoji* na nakadikit sa isang *bamboo stick* at ipamamahagi nya ito sa mga bata. Tanungin ng guro kung ano ang kanilang marka sa kanilang natutuhan sa nakalipas na aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Pangkalahatang Serbisyo Publiko (General Services)<br>● Kaayusang Pampubliko at Kaligtasan<br>● Pangkalahatang Administrasyon | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat ng Gawain**<br><br>**Dugtungan *Challenge!***<br>**Panuto:** Hahatiin ng guro ang klase sa dalawang pangkat. Magpapalitan ang mga *player* sa pagsusulat ng *lyrics* ng Pambansang Awit ng Pilipinas na Lupang Hinirang. Ang pangkat na unang makatapos at walang mali ang siyang panalo.<br><br>**LUPANG HINIRANG**<br>*ni Julian Felipe, 1898*<br><br>Bayang magiliw,<br>Perlas ng silanganan,<br>Alab ng puso<br>Sa dibdib mo'y buhay.<br><br>Lupang hinirang,<br>Duyan ka ng magiting,<br>Sa manlulupig<br>Di ka pasisiil.<br><br>Sa dagat at bundok,<br>Sa simoy at sa langit mong bughaw,<br>May dilag ang tula<br>At awit sa paglayang minamahal.<br><br>Ang kislap ng watawat mo'y<br>Tagumpay na nagniningning;<br>Ang bituin at araw niya, | Maaaring bigyan ng 2-3 minuto o higit pa ng guro ang gawain. |

Kailan pa ma'y di magdidilim.

Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta,
Buhay ay langit sa piling mo;
Aming ligaya na 'pag may mang-aapi,
Ang mamatay nang dahil sa 'yo.

**IKALAWANG ARAW**

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

***Fact or Bluff***

**Panuto:** Tukuyin kung Fact o Bluff ang sumusunod na pahayag. Isulat sa Aral Pan *notebook* ang Fact kung Tama at Bluff naman kung Mali.

1. Si Dr. Jose P. Rizal ay kinikilala bilang isa sa pambansang bayani ng Pilipinas ay isinilang sa lungsod ng Calamba.
2. Tagalog ang pambansang wika ng Pilipinas
3. Barong Tagalog sa mga lalaki at baro't saya ang pambansang kasuotan ng Pilipinas.
4. Agila ang kinikilalang pambansang ibon sa ating bansa.
5. Maliit, maputi, at mabango ang gumamela na sumasalamin sa kagandahang loob ng mga Pilipino.
6. Ang pambansang awit ng Pilipinas ay "Bayang Magiliw".
7. Kilala sa pagiging matinik at madalas ay kulay pilak ang tilapia na kinikilala bilang pambansang isda.
8. Ang lungsod ng Maynila ang kabisera ng Pilipinas.
9. Ang *Philippine Monkey Eating Eagle* ay sagisag ng katapangan, lakas at pagiging malaya kaya kinikilala ito bilang pambansang ibon.
10. Kinikilala ang Pilipinas bilang "Perlas ng Silangan" kaya hindi nakapagtataka na perlas ang ating pambansang hiyas.

Ang *Fact* ay nangangahulugang Tama at ang *Bluff* naman ay nangangahulugang Mali ang pahayag. Kung Bluff ang pahayag, hikayatin ang mga mag-aaral na itama ang pahayag upang maging *Fact* ito.

**Mga Tamang Sagot:**

1. *Fact*
2. *Bluff* - Filipino
3. *Fact*
4. *Fact*
5. *Bluff* – Sampaguita
6. *Bluff* – Lupang Hinirang
7. *Bluff* – Bangus
8. *Fact*
9. *Fact*
10. *Fact*

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Gamitin ang mga salita na kanilang binigay (maaaring dagdagan ngunit hindi pwedeng bawasan) upang makabuo ng depinisyon o konsepto.

***Word Webbing***
**Panuto:** Magbigay ng salita na maaari ninyong maiugnay sa pagkakakilanlang Pilipino.




Sa iyong palagay, ano ang mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino?

***Word Puzzle***
**Panuto:** Ayusin ng mga mag-aaral ang ginulong salita upang mabuo ang kaisipan. Gamiting gabay ang deskripsyon sa bawat salita.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | N | I | P | I | L | I | P |

Tawag sa mga mamamayan ng Pilipinas.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | O | Y | I | D | - | A | K | A | M |

Malalim na pananampalataya sa Diyos.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| O | A | T | A | K | A | M |

Pagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa kapwa tao.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | A | S | A | K | I | L | A | K | A | M |

Pagmamahal at pangangalaga sa kalikasan.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | S | N | A | B | A | K | A | M |

Masidhing pagmamahal at katapatan sa bayan.

**Mga Tamang Sagot:**
1. Pilipino
2. Maka-Diyos
3. Makatao
4. Makakalikasan
5. Makabansa

Ipaliwanag mabuti ng guro ang *national motto* ng Pilipinas na Maka-Diyos, Makatao, Makakaliksan, at Makabansa *(RA 8491, letter F, Sec. 25)*

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Sagisag at Pagkakakilanlang Pilipino**<br><br>**1. Panghikayat na Gawain**<br><br>***Connect to Express***<br>**Panuto:** Pag-ugnayin ang mga simbolo upang makabuo ng kaisipan.<br><br>Mula sa: https://canva.com/design<br><br>**2. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**AWIIIIIT!**<br>**Panuto:** Ipakinig sa mga mag-aaral at suriin ang mensahe na nakapaloob sa awit at sagutin ang mga gabay na tanong.<br><br>**SAMU'T SARING IISA**<br>*ni Kent Charcos*<br><br>Hinati sa tatlong dako<br>Binubuo ng mahigit pitong libong pulo<br>'Yan ang bayan ko<br>Kayumanggi ang kulay namin<br>Likas na masayahin at sa'n man makarating<br>Kapansin-pansin ang galing<br>Ngunit kahit may samu't saring sari-sariling pinaniniwalaan<br>Ngunit kahit may samu't saring lengguwaheng hindi ko na naiintindihan | Gamit ang mga simbolo ay pag-uugnayin ng mga mag-aaral ang mga ito upang mabuo ang konsepto ng mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino.<br><br>Maaaring gumamit ang guro ng iba pang simbolo o larawan.<br><br>Maaaring gumamit pa ng ibang awit ang guro. Hikayatin ang mga mag-aaral na making mabuti upang malinang ang kanilang *auditory skills*.<br><br>I-scan ang QR code para ma-access ang music video ng awit. |

| | | |
|---|---|---|
| | Tayo ay iisa sa puso't diwa hinding-hindi magigiba<br>Taas-noo kahit kanino ang lahi ko ay Pilipino<br>Halina't kilalanin ang lahing 'di paaapi nino man<br>Binabagyo man lagi magsisimulang muli<br>Kay sayang isipin na patungo tayo sa kaunlaran<br>Kahit samu't sari ay mananatiling iisa iisa<br>Ang pusong Pinoy ay matibay<br>Walang ibang nais kundi ay ang matagumpay<br>Sa patintero ng buhay<br>Ngunit kahit may samu't saring sari-sariling pinaniniwalaan<br>Ngunit kahit may samu't saring nauusong ating kinahihiligan<br>Tayo ay iisa sa puso't diwa hinding-hindi magigiba<br>Taas-noo kahit kanino ang lahi ko ay Pilipino<br>Halina't kilalanin ang lahing 'di paaapi nino man<br>Binabagyo man lagi magsisimulang muli<br>Kay sayang isipin na patungo tayo sa kaunlaran<br>Kahit samu't sari ay mananatiling iisa iisa<br>Iisa iisa<br>Ngunit kahit may samu't saring sari-sariling pinaniniwalaan<br>Ngunit kahit may samu't saring sari-sariling hidwaang kailan pa kaya matutuldukan<br>Tayo ay iisa sa puso't diwa hinding-hindi magigiba<br>Taas-noo kahit kanino ang lahi ko ay Pilipino<br>Halina't kilalanin ang lahing 'di paaapi nino man<br>Binabagyo man lagi magsisimulang muli<br>Kay sayang isipin na patungo tayo sa kaunlaran<br>Kahit samu't sari ay mananatiling iisa<br>Oh oh<br><br>Mga Gabay na Tanong:<br><br>1. Ano ang mensahe na nais ipaunawa ng awit sa mga Pilipino?<br>2. Batay sa awit, ano ang katangian na sumasagisag sa isang Pilipino?<br>3. Matapos mo mapakinggan ang awit, ano ang iyong naramdaman bilang kabataang Pilipino? | Maaaring gumamit ng awtentik na kagamitan ang guro sa pagsasagawa ng estratehiyang ito. Kung hindi *available* ang mga halimbawa ay maaari naman maging malikhain ang guro sa bahaging ito.<br><br>Maaaring dagdagan pa ng guro ang mga gabay na tanong at ipapaliwanag ang kahalagahan ng mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino |

**3. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Kaholaman**
**Panuto:** Tatawag ang guro ng mga boluntir upang hulaan ang bagay sa loob ng kahon. Sa loob ng 1 minuto, gamit lamang ang kanilang pandama ay kailangan ilarawan muna ang isang katangian ng bagay na nasa kahon bago sabihin ng mag-aaral ang kanyang sagot.



Mula sa: https://philippinefolklifemuseum.org/exhibit-pina-modern-barong-tagalog/
https://www.pinterest.ph/pin/204491639328774904/



Mula sa: https://mb.com.ph/2022/06/14/9-new-varieties-that-will-strengthen-the-philippine-mango-industry/
https://www.pinterest.ph/pin/456974693413251919/

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang mga bagay na nasa loob ng kahon?
2. May kaugnayan ba ang mga ito sa pagkakilanlan natin bilang mga Pilipino? Bakit oo o bakit hindi?
3. Kung may gusto kang idagdag bilang sagisag ng ating pagkakilanlang Pilipino, ano ito at bakit?

**IKAAPAT NA ARAW**

4. **Paglalapat at Pag-uugnay**

   ***For Today's Vidyoh!***

   **Panuto:** Gamit ang *smart phone* ang mga mag-aaral ay gagawa ng maikling *vlog* tungkol sa mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino na makikita sa loob ng paaralan. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang pamantayan sa pagmamarka.




| **Pamantayan** | **Natatangi (4)** | **Mahusay (3)** | **Katamtaman (2)** | **Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1)** |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan | Lubos na angkop ang temang ginamit sa *output* | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| Mensahe | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| Pokus | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalman |

Maaaring pangkatang gawain ang *vlog.* Gabayan mabuti ng guro ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng gawain at siguruhin na may safety measures na ipapatupad habang isinasagawa ang gawain.

**Mga pangangailangan:**

1. Smart phone
2. LED TV
3. Laptop computer

| | | |
|---|---|---|
| | **Punto Por Punto**<br>**Panuto:** Maghanda ng isang debate tungkol sa mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino.<br><br>**Paksa: Ano ang sukatan ng pagiging isang bayaning Pilipino?** | Ang kabayanihan ay nasusukat depende sa pangangailangan ng panahon. Halimbawa ay noong panahon ng digmaan, maituturing na bayani ang mga taong nagpakita ng tapang sa pamamagitan ng pagsama sa digmaan. Sa kasalukuyang panahon, mahalaga ring tingnan ang katangian ng mga OFWs na itunuturing na mga bagong bayani.<br>Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsasagwa ng debate. Maaaring bigyan muna ng babasahin ang mga mag-aaral tungkol sa paksa bago simulant ang debate. |

| Pamantayan | Lubos na Mahusay (4) | Mahusay (3) | Hindi Gaanong Mahusay (2) | Hindi Mahusay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Makabuluhan | Lubhang makabuluhan at wasto ang mensahe. | Makabuluhan at wasto ang mensahe. | Hindi gaanong makabuluhan at wasto ang mensahe. | Hindi makabuluhan ang mensahe. |
| Malinaw na naipahayag | Angkop na angkop at wasto ang mga salitang ginamit at mga pahayag. | Angkop at wasto ang mga salitang ginamit at mga pahayag. | Hindi angkop at wasto ang mga salitang ginamit at mga pahayag. | Mali ang mga salitang ginamit at mga pahayag. |
| Nakahihikayat | Nakahihikay at nang lubos ang presentasyon ng mga ideya. | Nakahihikay at ang presentasyon ng mga ideya. | Bahagyang nakahihikayat ang presentasyon ng mga ideya. | Hindi nakahihikayat ang presentasyon ng mga ideya. |


| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto** | |

**Tandaan Mo**

- Madaling sagutin ng mga Pilipino kung ano ang pambansang sagisag tulad ng puno, ibon, prutas, laro, at kasuotan.
- Pero maraming nakasanayan nang sagisag ay walang batas na kumikilala sa mga ito bilang opisyal na sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino.
- Kabilang sa mga opisyal na deklaradong pambansang symbol ay ang bandila, wika, laro, puno, bulaklak, hiyas, at ibon.
- Pero naniniwala ang isang opisyal ng *National Historical Commission of the Philippines* (NHCP) na mahalaga pa rin ang paniniwala ng mga mamamayan sa mga ito kaya hindi na kailangang ideklarang isang pambansang sagisag.

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Mag-aral is fun sa Aral Pan!**
Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| Pagkamamamayan |
| --- |
| |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | TALA SA GURO |
| --- | --- |

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td colspan="3">1. Pagsusulit<br>Panuto: Gumuhit ng isang cartoon na maglalarawan kung paano mo maipapakita ang paggalang at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino? (5 puntos)<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Isulat ang sagot sa inyong notebook sa Araling Panlipunan.<br>1. Ano ang kahulugan ng pagkamamamayan?<br>2. Anu-ano ang konsepto at prinsipyo ng pagkamamamayan?</td>
<td>Gamitin ang rubrik sa ginawang vlog ng mga mag-aaral bilang pamantayan sa pagbibigay ng marka.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ Prinsipyo sa pagtuturo<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ Mag-aaral<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ Pagtanaw sa Inaasahan<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |